# MGA ISYUNG GENDER AND DEVELOPMENT SA MGA DULANG NAGKAMIT NG GANTIMPALANG CARLOS PALANCA

Victoria Y. Rojas
rojasvictoria1973@gmail.com

Abstrak

Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitatibo at deskriptibo na pananaliksik sa larangan ng panitikan upang mailarawan ang katangian ng bawat dulang sinuri. Ginamit dito ang pang-aanalisang pangnilalaman upang matukoy ang mga isyung Gender And Development na nakapaloob sa mga dula kagaya ng: ***limitasyong pang ekonomiko, pang-aabuso sa mga kababaihan, subordinasyong pulitikal, balakid sa kaunlaran ng pagkatao, gender stereotyping at iba't ibang pang pasanin.*** Nilayon ng pag-aaral na suriin ang mga isyung GAD sa mga dula at sinikap na matugunan ang mga sumusunod na katanungan: 1. Ano ang mga isyung GAD o isyung kasarian at kaunlaran sa bawat dulang sinuri? 2. Gaano kadalas mabanggit ang mga isyung GAD na nakapaloob sa dulang nanalo ng Gantimpalang Carlos Palanca sa Dekada 80? 3. At ano ang pinakamadalas mabanggit na isyung GAD sa mga dulang nanalo ng Gantimpalang Carlos Palanca sa Dekada 80? Ang naging sampol ng pag-aaral ay ang mga sumusunod na sampung (10) dula: Isang Gabi sa Beerhaus ni Wilfredo S. Victoria (1980); May Isang Sundalo ni Rene O. Villanueva (1981); Barkada ni Bienvenido Noriega Jr. (1981); Nana ni Rene O. Villanueva (1982); Liwanag sa Karimlan ni Roberto de Jose Guzman (1983); Punla ng Dekada ni Rene O. Villanueva (1984); Sa Ngalan ng Ama ni Roberto Jose de Guzman (1985); Haplos ng Dahas ni Roberto Jose De Guzman (1986); Asawa ni Rene O. Villanueva (1987) at Gamugamo sa Kanto ng East Avenue ni Rolando S. dela Cruz (1989). Natuklasan na lahat ng mga isyung GAD ay nakapaloob sa lahat ng mga dulang sinuri ngunit hindi lahat ng anim (6) na isyu ay nakapaloob sa bawat dula. Nalaman din na sa anim na isyung GAD, ang isyung ***pang-aabuso sa kababaihan*** ang higit na nangibabaw. Ang dulang ***Sa Ngalan ng Ama*** ni Roberto Jose de Guzman (1985) ang nagtaglay ng pinakamaraming isyu.
Susing salita: Isyu, gender and development, kababaihan, dula,

## INTRODUKSIYON

Marami ng mga pag-aaral ang ginawa tungkol sa kung ano ang tungkulin ng kababaihan sa kani-kanilang pamilya. Isa na rito ang pag-aaral ni Rojas, (2020) na binigyang kahulugan ang tungkulin ng kababaihan bilang ina at asawa sa loob ng kanyang pamilya. Ang pambahay na tungkulin ng kababaihan ay umani ng maraming pagtutol lalo na mula sa mga feminist, pangkat ng kababaihang nagsasabing pantay-pantay ang kalalakihan at kababaihan sa anumang aspeto lalo na sa kaunlaran ng bansa. Dito sa Pilipinas, isa ng tradisyon na ang kababaihan ay karaniwang nasa loob lamang ng kanilang pamamahay at tagapag-alaga ng kanilang pamilya habang ang kalalakihan ay nasa labas at naghahanap-buhay para sa kanila. Isang sitwasyon na kung saan sila ay napipilitang manatili sa loob ng kanilang tahanan kaya nagiging api-apihan dahil nagiging mababa ang pagtingin sa kanila. Ang layunin ng Gender and Development (GAD) ay hindi lamang upang mabigyan ng hanapbuhay ang kababaihan kundi upang sila rin ay mabigyan ng kahalagahan sa lipunan na kanilang kinabibilangan. Ito ay napatunayan sa Kautusan Blg. 348- Philippine Development Plan for Women (PDPW) na nagsasaad na kinikilala ng pamahalaan ang tungkulin ng kababaihan sa kaunlaran ng ating bansa at sinikap na mabigyan ang mga ito nang pantay na

pagtingin kagaya sa kalakihan. Sa isang pambansang alituntunin, binigyan ng pansin ang kaunlaran ng kababaihan. Sa kauna-unahang pagkakataon, naisulat sa konstitusyon ng Pilipinas noong 1978 ang pagkapantay-pantay ng kalalakihan at kababaihan at ang tungkulin ng huli sa kaunlaran ng isang bansa (Art. XIII, Sek 14) at ang pangangailangang pangkalusugan ng kababaihan (Art. XIII, Sek, 11). Lumikha ang pamahalaan ng isang komisyon- ang *National Commission on the Role of Filipino Women* (NCRFW) noong 1975 bilang tugon sa International Women's Year kung saan ipinag-utos ang pagsanib o pagsapi ng kababaihan sa sosyal, ekonomik, pulitikal at kultural sa antas rehiyunal, nasyunal at internasyunal bilang kaagapay ng kalalakihan. Pinagtibay rin ang RA 6275 kung saan ipinagbawal ang pagtanggi sa kababaihan kung pamamasukan ang pag-uusapan at ang RA 7192 kung saan pinagtibay ang pagsanib sa kababaihan bilang kaparehas ng kalalakihan sa kaunlaran ng ating bansa. Ngunit kahit may mga kautusan ng pinagtibay, patuloy na naapi pa rin ang kababaihan dahil sa tinatawag na gender biases o isyung kasarian at kaunlaran at dahil sa mababang antas ng kaalaman at kakulangan sa pag-unawa ng lahat ng sector sa mga isyung ito kaya patuloy pa rin itong binabalewala. Napansin ng *Gender Advocacy Movement* (1997) na dito sa Pilipnas madaling isuko ng mga kababaihan ang kanilang kapangyarihan at karapatang pansarili para sa kanilang pamilya dahil sa labis na pagpapahalaga sa kanilang mga gawain sa pamamahay at responsibilidad sa pamilya at ito ay pinatunayan sa pag-aaral ni Acuin (2016) na mas pinipili ng kababaihan ang magsakripisyu alang-alang sa kapakanan ng mga anak. Isa pang pagpapakita na kinikilala papel ng kababaihan ay ang pagkatatag sa Batasan ng *Committee on Women and Family Relations* na naatasang mamahala sa karapatan ng kababaihan. May positibong palatandaan na umuunlad ang kalagayan ng kababaihan dito sa bansa ay ang unti-unti nilang pagpasok sa iba't ibang larangan ng isang pagiging mamamayan kagaya sa pulitika. Sa lahat ng mga ito ay marami pa ring suliranin ang nararanasan ng kababaihan kaya itinatag ang *Philippine Development Plan for Women* (PDPW) kung saan nagpakita ng malasakit ang pamahalaan para sa kababaihan. Ang pagtalakay sa mga isyung kinasasangkutan ng kababaihan ay matatagpuan kadalasan sa panitikan- pagpapahayag ng damdamin ng tao sa lipunan, sa pamahalaan, sa kapaligiran, sa kapwa at sa Dakilang Lumikha ayon pa kay Belvez, (2000). Sinasabing ang panitikan ay isang mabisang paraan sa isang pagbabagong sosyal at paglutas ng mga suliraning panlipunan. Ito ay isa ring paraan para maipahayag ang mga saloobin ng isang tao kagaya sa isang makata na sumusulat ng tula ayon sa mga nakikita at naoobserbahan niya sa kultura. Ang pagpapahayag ng damdamin na matatagpuan sa mga tula, maikling kwento, nobela, sanaysay dula at iba pa ay maaaring sa pamamagitan ng pag-ibig, kalungkutan, galit, kaligayahan, pagkahabag, pang-aalipusta at iba pa. Dahil sa ito'y pagpapahayag ng damdamin ng tao, ito ay angkop at mahalaga bilang paraan ng pagbabagong lipunan kaya panitikan ang napili, partikular ang dula bilang paraan ng pagpapakita sa ngayon na mayroon ng usapin o isyu tungkol sa kasarian o kaunlaran o GAD. Alinsunod sa pananaw na tumatalakay sa mga isyu at usaping kinapapalooban ng kababaihan, tinataya sa pag-aaral na ito na matugunan ang mga suliraning nakikita at nakatuon lamang sa mga dulang sinulat ng mga manunulat na Pilipino at nagwagi ng gantimpalang Carlos Palanca sa dekada 80.

## Sanligang Teyoritikal

Sa pagsusuri, lahat ay nangangailangan nang masigasig na pagbabasa ng teksto at susundan ng paglalagom at interpretasyon, ito ay mauuring produkto o resulta ng tinatawag na kwalitatibong pagsusuri ng nilalaman ayon kay Valbuena (1985)na kung saan sinabi niya na ang pagsusuri ng nilalaman ay karaniwang ginagawa sa kakaunti at di-kumpletong mga halimbawa o kalahok na

mga datos na susuriin ay iilan lamang upang mabigyan ng katuturan ang tama at wastong pag-aaral. Aniya pa, sa pagsusuri at pag-iinterpreta ng nilalaman nahihinuha ang epekto at kalalabasan nito upang maging bahagi ng prosesong pagsusuri. Ang kwalitatibong analisis ayon naman kay Simbulan (2006) ay isang sistematikong paraan ng pagsusuri sa nilalaman ng mensahe at kung paano ito naipahayag. Ayon pa sa kanya, ito rin ay isang paraan upang masuri ang ibat't ibang perspektibo o pagtingin ng bawat grupo tungkol sa isang isyu at isang pamamaraan upang magkaroon ng obhektibo o sistematikong deskripsyon ng mga nilalaman ng isang bagay o isyu na pinag-aaralan. Ang proseso ng panunuring pangnilalaman ayon kay Krippendorf (2004) na binanggit din sa pag-aaral ni Rojas (2020) ay kailangang masagot ang mga sumusunod na katanungan sa bawat panunuring gagawin ng isang tagasuri: 1.) Alin ang datos na susuriin? 2.) Paano ito binigyang-katuturan? 3.) Ano ang populasyon kung saan ito kinuha? 4.) Ano ang konteksto na may kinalaman sa pag-aanalisa ng mga ito? 5.) Ano ang hangganan ng gagawing pag-aanalisa? 6.) Ano ang target inferens? At kapag nagawa ang pagsusuri batay sa mga nabanggit sa itaas ay tiyak magkakaroon ng isang ganap na pagsusuri sa nilalaman ng isang akda kagaya ng dula. Ang mga teoryang nabanggit ay nagsisilbing gabay at patnubay sa pag-aaral na ito upang matamo ang kakailanganing datos o magawang tama at maayos ang gagawing panunuring pangnilalaman sa mga piling akdang dula. Ang mga ideya at simulain pati na ang mga katangiang dapat taglayin ng isang tagasuri ay nakatutulong din nang malaki sa ikatatagumpay nito. Ipinapahayag din dito na ang mga dula sa panitikang Pilipino na bahagi ng kurikulum sa antas tersyarya ay may katutubong saloobin na kinapapalooban ng kulturang Pilipino. Sa mga saloobing ito makikita ang mga isyung kasarian at kaunlaran o isyung GAD na pinag-uukulan ng pansin ng mga mambabatas, tagapangasiwa ng mga paaralan, mga guro at mga mag-aaral. Ang mga sinuring akda ay mga dulang nanalo ng gantimpalang Carlos Palanca sa dekada 80 mula una hanggang ikatlong pwesto. Aalamin ang iba't ibang isyung Gender And Development (GAD) na nakapaloob sa bawat dula.

## Paglalahad ng Suliranin

Natukoy at nasuri sa pag-aaral na ito ang mga isyung may kinalaman sa Gender and Development (GAD) na nakapaloob sa mga piling dula na nagwagi ng gantimpalang Carlos Palanca sa Dekada 80. Sinikap na sagutin sa pag-aaral na ito ang sumusunod na katanungan:

1. Ano ang mga isyung *Gender and Development* o GAD na nakapaloob sa bawat dulang sinuri?
2. Alin sa mga isyung GAD na nakapaloob sa mga dulang nanalo ng gantimpalang Carlos Palanca sa dekada 80 ang higit na nangibabaw:
    a. limitasyong pang-ekonomiko,
    b. pang-aabuso sa kababaihan,
    c. subordinasyong pulitikal,
    d. balakid sa kaunlaran ng pagkatao,
    **e.** *gender stereotyping* at
    **f.** iba't ibang pasanin.

## METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay kwalitatibo at deskriptibo na pananaliksik sa larangan ng panitikan. Ginamit ang pamamaraang ito upang mailarawan ang mga katangian ng bawat akdang dula na sinuri. Ginamit din sa pag-aaral na ito ang pag-aanalisang pangnilalaman na kung saan gumamit ng isang masistematikong pagkaklasipika at pagsusuri ng nilalaman ng dokumento ayon sa kriteryang sinusunod. Ang kwalitatibong panunuring pangnilalaman ayon pa kay Valbuena (1985) na ginamit din ni Rojas (2020) sa kanyang pag-

aaral ay batay sa pagkamayroon o di-pagkamayroon ng isang partikular na nilalaman, na nangangailangan nang masusing pagbabasa sa mga teksto at susundan ng pagbubuod at interpretasyon. Ang kadalasang paggamit sa mga datos o ang kadalasang pagbanggit sa mmga isyung GAD sa bawat dula ay ang basehan ng pagsusuri. Kabilang sa mga isyung ito na tinuklas sa bawat dula ay ang: ***limitasyong pang ekonomiko, pang-aabuso sa mga kababaihan, subordinasyong pulitikal, balakid sa kaunlaran ng pagkatao, gender stereotyping at iba't ibang pang pasanin.*** Ang mga dula ay na sinulat ng iba't ibang may-akdang Pilipino na nagwagi ng gantimpalang Carlos Palanca sa dekada 80 na binigyang bilang mula isa hanggang sampu (1-10), ayon sa taon ng pagkapanalo nito para sa madaliang pagsusuri o pag-analisa. Narito ang mga dula: 1.) Isang Gabi sa Beerhaus ni Wilfredo S. Victoria (1980); 2.) May Isang Sundalo ni Rene O. Villanueva (1981); 3.) Barkada ni Bienvenido Noriega Jr. (1981); 4.) Nana ni Rene O. Villanueva (1982); 5.) Liwanag sa Karimlan ni Roberto de Jose Guzman (1983); 6.) Punla ng Dekada ni Rene O. Villanueva (1984); 7.) Sa Ngalan ng Ama ni Roberto Jose de Guzman (1985); 8.) Haplos ng Dahas ni Roberto Jose De Guzman (1986); 9.) Asawa ni Rene O. Villanueva (1987) at 10.) Gamugamo sa Kanto ng East Avenue ni Rolando S. dela Cruz (1989). Narito ang hakbang na ginawa upang maisakatuparan ang pag-aaral na ito: Ang mananaliksik ay nagsagawa ng *pre-survey* sa mga dulang nagwagi ng gantimpalang Carlos Palanca sa dekada 80 upang matiyak na ang mga dulang sinuri ay naglalaman ng mga isyung GAD; binasa ang mga napiling dula at sinuri ayon sa tema at isyung GAD na nakapaloob sa mga ito; nagsagawa ng *frequency count* upang malaman kung gaano kadalas nakita o nabanggit ang isang isyu sa bawat dula at tinuklas din kung anong isyung GAD ang higit na nangibabaw sa lahat ng mga dulang sinuri. Para sa ikalilinaw ng pag-aaral na ito, ginamit ang isang simpleng paraang istadistika, ang *frequency count* upang malaman kung ilang beses nakita o kung gaano kadalas o kalimit nabanggit ang isang isyung GAD sa bawat dula.

## PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS

Ang Talahanayan 1 ay naglalahad sa mga isyung Gender and Development (GAD), kung anong isyu ang nakapaloob sa bawat dulang sinuri sa pag-aaral na ito.

Talahanayan 1

**Mga Isyung GAD sa mga Dulang Sinuri**

| Dula Bilang | Limitas-yong Pang-ekonomiko | Pang-aabuso sa Kababaihan | Subordinas-yong Pulitikal | Balakid sa Kaunlaran ng Pagkatao | *Gender Stereotyping* | Iba't ibang Pasanin (eg. takot, kaba) |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | | / | | / | / | |
| 2 | | / | | / | | |
| 3 | | / | | | / | / |
| 4 | | / | | / | | / |
| 5 | | / | | / | | / |
| 6 | | | | | / | / |
| **7** | / | / | / | / | / | / |
| 8 | | / | | / | / | / |
| 9 | | / | | / | / | / |
| 10 | | / | | / | | |

Ang dula bilang 1, Isang **Gabi sa Beerhaus** ay nagtataglay ng isyung pang-aabuso sa kababaihan, balakid sa kaunlaran ng pagkatao at *gender stereotyping*. Dalawang isyung GAD ang taglay ng dula bilang 2, **May Isang Sundalo**, ang pang-aabuso sa kababaihan at balakid sa kaunlaran ng pagkatao. Ang dula bilang 3, **Barkada** ay nagtataglay ng pang-aabuso sa kababaihan, *gender stereotyping* at iba't ibang pasanin. Taglay naman ng dula bilang 4, **Nana,** ang mga isyung pang-aabuso sa kababaihan, balakid sa kaunlaran ng pagkatao at iba't ibang pasanin. Ang mga isyung pang-aabuso sa kababaihan, balakid sa kaunlaran ng pagkatao at iba't ibang pasanin ang taglay ng dula bilang 5 na **Liwanag sa Karimlan**. Kinapapalooban naman ng mga isyung *gender stereotyping*, at iba't ibang pasanin ang dula bilang 6 na **Punla ng Dekada**. Samantala ang dula bilang 7, **Sa Ngalan ng Ama** ay nagtataglay ng mga isyung GAD na limitasyong pang-ekonomiko, pang-aabuso sa kababaihan, balakid sa kaunlaran ng pagkatao, *gender stereotyping*, subordinasyong pulitikal at ang iba't ibang pasanin. Ang dula bilang 8, **Haplos ng Dahas** ay may mga isyung *gender stereotyping*, pang-aabuso sa kababaihan, balakid sa kaunlaran ng pagkatao at iba't ibang pasanin. Kinapapalooban naman ng mga isyung pang-aabuso sa kababaihan, *gender stereotyping*, balakid sa kaunlaran ng pagkatao at iba't ibang pasanin ang dula bilang 9 na **Asawa**. Ang huling dula, **Gamugamo sa Kanto ng East Avenue** ay may mga isyung pang-aabuso sa kababaihan at balakid sa kaunlaran ng pagkatao.

Ang Talahanayan 2 ay naglalahad ng mga isyung GAD na higit nangibabaw sa mga dulang sinuri.

Talahanayan 2

**Mga Isyung GAD na Nangibabaw sa mga Dula**

| **Mga Isyung GAD** | **Dami ng Dula na Nagtataglay ng Isyung GAD** | **Ranggo** |
|---|---|---|
| 1. Limitasyong Pang - ekonomiko | 1 | 5.5 |
| 2. Pang-aabuso sa Kababaihan | 9 | 1 |
| 3. Subordinasyong Pulitikal | 1 | 5.5 |
| 4. Balakid sa Kaunlaran ng Pagkatao | 8 | 2 |
| 5. Gender Stereotyping | 6 | 4 |
| 6. Iba't ibang Pasanin | **7** | 3 |

Makikita sa Talahanayan 2 na ang isyung GAD na nangibabaw sa ginawang pagsusuri ay ang **pang-aabuso sa kababaihan** na nasa unang ranggo. Ito ay nangangahulugan na sa sampung (10) dula na sinuri ay siyam (9) sa mga ito ang may isyung GAD na ito. Ang nasa ikalawang ranggo ay ang isyung **balakid sa kaunlaran** ng pagkatao na nakapaloob sa walong (8) dula. Pumapangatlo ang **iba't ibang pasanin** na taglay ng pitong (7) dula. Nasa pang-apat na ranggo ang isyung ***gender stereotyping*** na taglay ng anim (6) na dula. Nasa magkatulad na ranggo, huling pwesto, ang mga isyung **limitasyong pang-ekonomiko** at **subordinasyong pulitikal** na nakapaloob sa iisang dula lamang, Nabanggit na sa anim (6) na isyung GAD, ang pang-aabuso sa kababaihan ang higit na nangibabaw. Ang dula na **Asawa** ni Rene O. Villanueva ay kakikitaan ng maraming pang-aabuso; berbal, pisikal at sekswal. Naranasan ng pangunahing tauhan na si Lorna

ang mga pang-aabusong ito mula mismo sa kanyang asawa na si Alfred. Makikita sa ibaba ang salitaan o dayalogo ng lalaki sa kanyang asawa na nagpapatunay dito:

**Pang-aabusong Berbal**

- *"Ano? Nagmamalinis ka? Nang makita kita sa cabaret, butas ka na! Kanino ka ba galing? Pinangsawaan ka na!*
- *"Kayong mga babae matitigas ang kukute, mahirap kayong pagkatiwalaan, sinasabi na nga sa inyong lahat, hindi pa magawa!*
- *"Tang-ina, huwag mong bilugin ang ulo ko! ..p_tang-ina ba't mo ako pinipendiho?*
- *"Hindi mo bubuhayin iyang dinadala mo! Haliparot! Puta! Hayup kang babae ka!*
- *"Baka naman pag nagpapalabada ka mga tambay naman sa igiban ang kinakalantari mo! Puta ka talaga! Iniahon na kita sa lubluban, nagwawala ka pa rin!*

**Pang-aabusong Pisikal**

- "*Tumanggap ka ng labada, mamalants, magluto ng meryenda…kapag sinabi kong dumito ka, dumito ka! Baka gusto mong balian kita ng gulugod bago ka sumunod?*
- *"Ang sabihin mo gusto mo iyong sinusundan-sundan ka! (hahablutin ang buhok ni Lorna sa likod)*
- *"Marunong ka ng sumigaw ha! (dadaklutin si lorna sa panga, sisikmuraan, sasampalin)*
- *(Itatayo si Lorna at bibigwasan) "Ilaglag mo iyan!*
- *(Itutulak muli si Lorna) "Anak iyan ng lalaki mo! Kung gusto mong magsama pa tayo, ilaglag mo iyan!*

**Pang-aabusong Sekswal**

- **"***Tabihan mo muna ako. Lumapit ka dito! Ayaw mo ba (pasinghal) Ano ba!*
- **"***Hindi mo na kailangang humanap ng ibang lalaki. Kaya kong ibigay sa 'yo ang kayang ibigay ng kahit na sinong lalaki! Siguro naman nasiyahan ka sa natikman mo kagabi.*
- *(Dadaklutin sa panga si Lorna) "Gusto mong itaob kita? Gusto mong gahasain kita na parang aso? Gusto mong kagatin kita sa labi?!*
- *"Nang makuha kita, panti lang ang pag-aari mo! Hindi ako papaya na bastusin moa ng pagkalalaki ko. Bakit dinidyeta ba kita?!*

Mapapansin na sa mga pang-aabusong ginawa ng lalaki sa kanyang asawa, nakahihigit ang sa berbal na paraan. Ang pagtawag sa babae ng lalaki halimbawa ng "***puta***, ***putang-ina, haliparot, hayup kang babae ka at iba pa***" ay patunay na walang paggalang ang lalaki sa babae. Ang kawalan ng tiwala ng lalaki sa babae ang ugat ng pang-aabusong ito. Ang babae na dating belyas ay hindi binigyan ng pagkakataon ng kanyang asawa na mapatunayan na siya ay nagbagong-buhay na. Maaari rin dahil simula na maging imbalido ang lalaki at manatili na lamang sa loob ng bahay habang ang babae ang nasa labas at naghahanap-buhay kaya naging mainitin ang ulo nito at naisip na siya ay niloloko ng kanyang asawa.

Subalit hindi pa rin ito dahilan upang maranasan ng babae ang mga pang-aabusong ito. Karapatan ng kababaihan ang igalang lalo na ng kalalakihan.

## LAGOM, KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Sa sampung (10) dula na sinuri sa pag-aaral na ito, lahat ng mga ito ay kakikitaan ng mga isyung Gender and Development (GAD). Ang dula bilang 7 na **Sa Ngalan ng Ama** (1985) ni Roberto Jose de Guzman ay ang nagtataglay ng pinakamaraming isyung kasarian at kaunlaran na may kabuuang bilang na anim (6) o kumpletong bilang ng isyung isinama sa pag-aaral na ito. Ang isyung GAD naman na higit na nangibabaw sa lahat ng mga dulang sinuri ay ang **pang-aabuso sa kababaihan** na kung saan siyam (9) sa sampung (10) dula ang nagtataglay ng isyung ito. Batay sa naging resulta ng pag-aaral, nabuo ang mga sumusunod na kongklusyon: Lahat ng isyung GAD ay nakapaloob sa mga dulang nagkamit ng gantimpalang Carlos Palanca sa dekada 80 ngunit hindi lahat ng anim (6) na isyung nabanggit ay makikita sa bawat dula. Ang isyung GAD na **pang-aabuso sa kababaihan** ang higit na nangibabaw sa lahat ng isyung sangkot sa pag-aaral.

## BIBLIYOGRAPIYA


Acuin, D.G. (2016). Mga Isyung Gender and Development sa mga Maiikling Kwentong Nagkamit ng Gantimpalang Carlos Palanca, Leyte Normal University.

Belvez, P.M. et.al. (2000). Panitikan ng lahi Pangkolehiyo. Rex Printing Press, Quezon City.

Gender and Development: A Primer, NEDA 8, 1997

Krippendorf, K. (2004**).** Content Analysis: An Introduction to its Methodology 2nd Edition, Thousand Oaks, Sage

Plan Framework of the Philippines, Plan for Gender Responsive Development, A Handout, 1995-2025

Rojas, V.Y. (2020). Analisis ng Kababaihan sa Cyberspace: Larawan at Tugon, Leyte Normal University

Simbulan, R.G. (2006). Manual sa Panlipunang Pananaliksik. Sentro ng Wikang Filipino, UP Manila.

Valbuena, V.T. (1998). Introduction to Qualitative Research Methods. De la Salle University Press, Inc. Manila, Philippines.